



Strengthening the Role of Indigenous Peoples and Their Communities in Nature Conservation:  
A Project Ensuring the Full and Effective Participation of Indigenous Peoples in the  
Implementation of the Expanded National Integrated Protected Areas System

LEARNING MATERIAL

## Pagsasalita sa Publiko

FR. FRANCIS LUCAS

### Panimula

Subukan mong tanungin ang kahit na sino kung ano ang kanilang pinakakinatatakutan. Marahil ay marami ang mag-aakala na ang kanilang magiging sagot ay may kinalaman sa kamatayan. Ikagugulat mong malaman na maraming magsasabi na ang kanilang pinakakinatatakutan ay ang MAGSALITA SA HARAP NG MARAMING TAO, LALO NA SA UNANG PAGKAKATAON. Karaniwang nauutal ang marami, napapasabi ng “ahh...” o “uhm...” o hindi kaya ay “well, you know.” Mapapansin din ang kaba sa paggalaw: nakatingin sa kisame, hinahawak-hawakan ang ilong, ang tainga, namamasa ang mga kamay, hindi mapakali ang mga daliri, at maraming pang iba. Maging ang mga pinuno ng mga katutubong pamayanan na sanay na sanay nang humarap at magsalita sa kanilang komunidad ay maaaring mahirapan pa rin sa pagsasalita sa harap ng publiko kung hindi sila palagay sa konteksto, sa mga nakikinig, o sa paksang kanyang susubukang talakayin. Kung gayon, marapat na mahasa ng mga taong bahagi ng anumang organisasyon at grupo, lalong higit ang mga pinuno, ang kanilang kaalaman, saloobin, at kasanayan sa pagsasalita sa harap ng publiko.

Bakit nga ba tayo natatakot magsalita sa harap ng maraming tao? Natatakot tayo dahil para itong pagpunta sa lugar na hindi pa natin alam. Hindi alam ng tagapagsalita (speaker) kung ano ang maaaring maging reaksyon ng mga nakikinig. Nariyan ang takot na mapuna, takot na mapahiya, o baka magkaroon ng pag-atake sa dignidad ng tagapagsalita. Lahat ng ito ay bumabalik sa ating sarili at sa ating nararamdaman. Lahat naman ng tao ay natatakot na mamatay sa pagkapahiya sa harap ng mga tagapakinig. Ang pagkatakot na ito ang pumapatay sa ating kumpiyansa sa sarili o SELF-CONFIDENCE. Kapag nawalan ng kumpiyansa ang tagapagsalita sa kaniyang sarili, nag-uumpisa na siyang malito at magkamali ng sinasabi. Posible bang ganap na mawala ang pagkatakot na ito? Marahil ay hindi, ngunit sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa pagsasalita at pagsasanay, makakaya ng isang tagapagsalita na magsalita sa harap ng publiko kahit na may takot sa dibdib.

Normal naman ang pagiging kabado. Ang kumpiyansa sa sarili ang tutulong sa tagapagsalita na magpatuloy.

Ang pagsasalita sa harap ng publiko ay nagsisimula sa tagapagsalita. Walang hindi magaling na tagapagsalita, mayroon lamang mga tagapagsalita na hindi pa nakakapagsanay kaya hindi pa sila bihasa. Lahat ng tagapagsalita na nagsasanay ay patuloy na gumagaling kaya kung nais maging bihasa ay kailangang talagang magsanay. Kailangan niyang malaman ang mga payo ng ibang mga tagapagsalita, kailangan niya ring mag-ensayo, at kailangan din ng panahon para maghanda at i-practice ang talumpati bago ito ilahad sa harap ng mga tagapakinig.

### **Mga Bahagi ng Pagsasalita sa Publiko**

Ano ang tatlong pinakamahalagang isaalang-alang pagdating sa pagsasalita sa harap ng publiko? Bago ang pagbibigay ng talumpati ay ang paghahanda.

Ang pagsasalita sa harap ng publiko ay pangunahing may kinalaman sa tatlong “Ys”:

- (YA) Your AUDIENCE o ang iyong tagapakinig,
- (YM) Your MESSAGE o ang iyong mensahe o nais sabihin, at;
- (YS) Your SELF o ang iyong sarili.

### **Ang Iyong Tagapakinig (Your Audience )**

Gayong ang tagapagsalita ang pinakamahalagang konsiderasyon, hindi ang sarili ang dapat unang isipin o bigyang-pansin. Palaging mag-umpisa sa iyong mga tagapakinig, lalo na kung ikaw ay baguhan pa lang sa pagsasalita sa harap ng publiko. Kung ikaw ay nakaharap sa mga tagapakinig na hindi mo pa kilala, maging maparaan na lang at kilalanin sila sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kanila. Subukang tumingin sa kanilang mga mukha, ngunit huwag tumingin sa kanilang mga mata at mukha nang matagal sapagkat maaaring mawala ka sa nais mong sabihin.

Sa paghahanda ng talumpati, huwag na huwag kang mag-uumpisa sa iyong sarili, sa iyong naiisip, sa iyong opinyon, sa iyong nalalaman sa mensahe, sa iyong kuro-kuro at palagay. Palagi kang mag-umpisa sa pagkilala sa kung sino ang makikinig sa iyong talumpati – ang iyong mga tagapakinig. Sino nga ba sila? Ano ang kanilang mga katangian, ang kanilang kultura, ang kanilang natapos na pag-aaral, sila ba ay magiging magiliw sa iyo? Interesado ba sila sa nais mong sabihin? Nakikita ka ba nila bilang kawili-wili, natatangi, karapat-dapat na pagbigyan ng kanilang oras at atensyon? Itinuturing ka ba nilang kapantay nila o mas mababa sa kanila?

*Kilalanin mong maigi ang iyong mga tagapakinig. Mahalaga ang wikang gagamitin sa pagbibigay ng talumpati. Gamitin mo ang wikang kanilang ginagamit, ang paksang iyong tatalakayin ay dapat magawa nilang maintindihan batay sa kanilang karanasan. Subukan mong kausapin sila sa paraang madadama nila sa kanilang puso na tapat ka sa iyong sinasabi.*

*Habang binibigay mo ang iyong talumpati sa harap nila, obserbahan mo kung ano ang kanilang reaksyon sa iyong mga sinasabi, sa iyong mga biro, sa mga salitang iyong ginagamit, sa iyong mga kwento, sa iyong mensahe.*

Malahagang isaalang-alang mo ang iyong mga tagapakinig sa paraan ng iyong paggamit ng wika, ng pagbibiro, at pananaw ng iyong magiging talumpati. Maaari mo ring isaalang-alang ang kanilang katangian sa kung anong mga halimbawa o kwento ang masisigurong titimo sa kanila. Dapat na nakakonekta ang iyong talumpati sa karanasan ng iyong mga tagapakinig at lagapas, maliban na lang kung ang pakay mo ay ang baguhin ang kanilang pananaw sa isang bagay, ngunit ibang talakayan pa iyon kung sakali. Kung susubukin mong magbago ng pananaw ang mga tagapakinig sa isang paksa, mainam na magsalita sa kung ano ang kanilang pinanghahawakan, at ipakita ang kaibahan nito sa iyong pananaw. Kailangan nilang maramdaman ang koneksyon sa pagitan ng kanilang nalalaman at kanilang karanasan. Ang bagong materyal ay dapat na makakatulong sa kanila para mas bumuti. Sagutin ang tanong nila na “ANO BANG KABULUHAN NITO PARA SA AKIN?”

Halimbawa: “Palagi kaming dumudulog kay Makidyapat, ang lahat ng bagay ay si Makidyapat. Kapag nakahuli kami ng usa o ng baboy ramo, “minanok” kaagad sa limang minuto.”

Ang pahayag na ito ay walang kabuluhan sa iyong tagapakinig kung hindi naman sila kabilang sa tribong Dumagat. Kung gayon, maging maingat sa wikang gagamitin. Ang wikang gagamitin ng tagapagsalita, ang kanyang kaisapan, at pilosopiya ay dapat makatulong sa pagkonekta niya sa kanyang tagapakinig.

### **Ang Iyong Mensahe (Your Message )**

Ang ikalawang bagay na dapat na isaalang-alang sa pagsasalita sa harap ng publiko matapos ang tagapakinig ay ang mensahe ng iyong talumpati. Magsaliksik tungkol sa iyong mensahe.

Kahit na gaano kaikli ang iyong mga pahayag o talumpati, ito ay dapat na malinaw, sakto lang ang haba, at kayang intindihin ng tagapakinig at nakapaloob sa kanilang karanasan. Sa kabila ng kaba at pag-iisip na baka mas may alam pa ang nakikinig sa paksa kaysa sa iyo, kailangan mong makumbinsi ang iyong sarili na talagang inaral mo ang paksa na iyong tatalakayin, na nakapaghanda ka para rito, at kabisadong-kabisado mo na ito. Lakasan ang loob. Magsalita nang mula sa puso. Ang iyong karanasan ay personal at ikaw pa lang ang nakaranas, wala pang ibang nakaranas, kaya ikaw ang mas nakakaalam ng nais mong sabihin.

*Ang iyong mensahe ay dapat na talagang pinag-isipan. Iwasan ang magpaulit-ulit. Linawin ang iyong pagbuo ng mga pangungusap. Huwag na itong palagpasin sa 20 minuto. Ang talumpati ay hindi isang sermon. Dapat ay magawa mong gabayan ang isipan ng iyong mga tagapakinig, maipalam sa kanila na alam mo ang kanilang pananaw at madala mo sila patungo sa iyong pananaw nang walang pamimilit. Huwag mo silang ngaragin. Sa umpisa ng iyong talumpati, dapat ay magawa mong mapukaw ang kanilang atensyon sa unang 5-10 segundo. Kapag naman nasa katapusan na ng talumpati, dapat ay gisingin mo ang kanilang diwa na umaksyon ukol sa paksa. Kapag sinusulat mo ang iyong talumpati, mag-umpisa ka sa paglilista at pagsasaayos ng mga pangunahing punto na nais mong iparating. Ang iyong talumpati ay dapat maayos ang daloy, magkakaugnay ang mga ideya mula sa umpisa, sa gitna, hanggang sa katapusan.*

*Ang mensahe ay dapat nakatuon sa iisang paksa, at ang lahat ay suportang ideya lang. Kailangan din na palamanan ang mensahe ng mga pagbibiro, mga makapangyarihang pahayag, at malinaw na puntos.*

*Siguruhin mo na sa iyong talumpati ay may mga tunay na kwento o salaysay. Mas madaling ipabatid sa tagapakinig ang pinakapangunahing ideya o paksa sa pamamagitan ng mga pananaw na nagmumula sa mga kwento o salaysay.*

## Ang Iyong Sarili (Your Self)

Ang pinakamalaking hangal ay siyang hindi alam kung ano ang kanyang nalalaman. Alamin mo kung ano ang iyong alam, alamin mo rin kung ano ang hindi mo pa nalalaman. Huwag magmayabang, hindi rin nakakatuwang pakinggan ang isang taong nagsasalita tungkol sa paksang halatang wala naman siyang alam. Bago magsalita o magbigay ng talumpati, **maghanda, maghanda, maghanda.** Nakakalakas din ng loob ang paghahanda at mas nakakapagbigay ng kumpiyansa sa sarili.

Kahit na sa tingin mo ay alam na alam mo na ang paksa o mensahe na iyong ilalahad, siguruhin mong suriin ang

paksa, baka mayroong mga pagbabago o bagong ideya ukol dito. Mahalaga rin na huwag magsabi ng mga pahayag na makakapagpahiya ng sarili. Huwag na huwag magsasabi ng “Hello, alam niyong hindi ako magaling na tagapagsalita pero sana ay making kayo sa aking sasabihin.” Huwag mong hamakin ang iyong sarili. Ang tanging rason lang para gawin ito ay kung ikaw ay isa nang tanyag na tagapagsalita at mahilig ka nang gumamit ng mga pahayag na sinasabi mong pabiro. Tiyak na tatawa ang mga tao sa linyang iyon dahil alam nilang nagbibiro ka lang kung ganoon.

Ngunit kung ikaw ay baguhang tagapagsalita at gumagamit ka ng mga pahayag na parang nagpapaumanhin, maaaring umalis ang mga tagapakinig habang sinasabi sa kanilang sarili na, “Ano bang karapatan ng taong iyon na magsalita kung magdudusa lang kami sa pakikinig sa isang taong wala naming alam?” Maaari ring sabihin ng iba na, “Bakit ka pa magsasalita kung hindi ka naman pala isang public speaker? Kausapin mo na lang ang sarili mo. Huwag mo na akong hayaang magdusa sa pagkabagot at huwag mo na lang sayangin ang oras ko.” Maaari pa ngang maisip ng mga tagapakinig na isang insulto iyon sa kanilang katalinuhan.

**Maging taos-puso sa pagsasalita, gumamit ng iba-ibang tono, at ugaliing huminto saglit kung mahalaga ang ideya na iyong sinasabi.** Huwag maging bastos sa pagbibiro. Maging matalino at maparaan para makapagpatawa. Tandaan na ang pagpapatawa ay isang abilidad para mapanatili ang pananabik ng mga tagapakinig at panggugulat sa kanila na ang iyong susunod na sasabihin ay kabaligtaran ng iniisip nila. Magbiro lang kung talagang may kabuluhan ito sa paksa o kung mayroon itong aral na kasama. Ilapat mo ang iyong talumpati depende sa okasyon o sa iyong mga tagapakinig.

**Ang wika ng katawan o tinatawag na body language ay mahalaga para sa isang tagapagsalita.** Magsalita nang may kapangyarihan. Tumayo nang tuwid at kagalang-galang. Huwag yumuko, iwasan ang “ahhh at ohhh,” magsalita nang direktso na parang nakikipag-usap lang sa mga tagapakinig, subukan din na palahukin sila sa iyong talumpati, maaari kang magtanong sa kanila. Maaari ring magbigay ng hamon sa kanila. Iparamdam mo sa kanila na may pakialam ka sa kanila. Ang iyong talumpati ay tungkol sa kanila at para sa kanila. Maaari mo ring subukan na magkumpara ng mga isyu. Huwag mong iwanang bitin ang mga tagapakinig. Bumuo ka ng panapos na pahayag. Siguruhin mong may mahihita o makukuha sila mula sa iyo na maaari nilang magamit o maibahagi sa iba.

## SUBUKAN ITO:

Ang gawaing ito ang naglalagom ng mga payo para sa pagsasalita sa publiko.

*Ipakilala ang iyong sarili:*

“Ako si Ginoong Covid. Ipinanganak ako sa Wuhan, China. Ako ay dalawang taon gulang. Ako ay kamag-anak ng SARS at iba pang Corona Viruses. Lahat ng pamahalaan sa buong mundo ay nahihirapang ako ay kitlin. Hindi nila alam na mahirap akong puksain at iwaksi mula sa mundong ito.”

Kung ganito mo ipapakilala ang iyong sarili, siguradong makukuha mo agad ang atensyon ng iyong mga tagapakinig. Syempre, hindi naman talaga ikaw si Ginoong Covid ngunit kung ang iyong talumpati ay may kinalaman sa pandemya at ganito ang iyong magiging panimula, paniguradong napukaw mo na ang iyong atensyon ng mga tagapakinig.

Mahalaga ang paraan kung paano mo ipapakilala ang iyong sarili. Subukan mong hanapin ang isang aspeto ng iyong sarili na maaring kailanganin ng iyong mga tagapakinig. Isang katangian o kakayahan na hindi pangkaraniwan para sa kanila. Halimbawa, bilang isang katutubo, maaari mong sabihing:

“Nasubukan niyo na bang maligaw sa kagubatan nang walang mapa, walang GPS, o compass? Sigurado akong malalagay ka sa peligro, dahil mukhang pare-pareho lang mga puno at mga lakaran. Kung sakaling ayaw mong maligaw, tawagin mo lang ako. Bilang katutubo, kabisado ko ang kagubatan at gamay ko ang pasikot-sikot nito. At kahit na hindi pa ako pamilyar sa kagubatan kung nasaan ka man, mabubuhay pa rin ako dahil makakagawa ako ng paraan para mahanap ang nais kong puntahan dahil alam ko kung papaano ito gawin. Kung kailangan mo ako na isang katutubo, tawagin mo lang ako. Igwas Makalamlam.”

Sa halimbawang ito, nakapagbigay ka bilang tagapagsalita ng isang bagay na katangi tangi tungkol sa iyong sarili. Sa ganitong paraan, mas lalakas ang iyong kumpiyansa sa iyong sarili at mas madaling makilala at pagkatiwalaan ka ng iyong tagapakinig lalo na kung ang paksa ng iyong talumpati ay may kinalaman sa pagiging katutubo o kalikasan. Palaging mag-isip ng mga bagong ideya na may kinalaman sa paksa ng iyong tatalakayin. □

## HALIMBAWANG TALUMPATI NG ISANG KATUTUBO

### Tagapakinig (Audience):

Mga opisyal ng pamahalaan at ilang mga miyembro ng isang korporasyon na nais magnegosyo sa lupaing ninuno

### Konsteksto (Context):

Ang tribo ay pinagkakaitan ng bahagi ng kanilang lupaing ninuno dahil gagamitin daw ito ng korporasyon para sa mga produkto ng kalikasan na kanilang ibebenta sa mataas na presyo at planong iluwang o ibenta sa ibang bansa. Malaking pera ang nakataya at malawakang pagkasira ang inaasahang mangyayari. Inanyayahan ang tribo na makilahok sa isang dayalogo kasama ng mga opisyal ng guberno at mga kinatawan ng korporasyon. Ang pinuno ng tribo ay inatasan magbigay ng pambungad na talumpati (opening speech) sa nasabing dayalogo.

### PANIMULA (INTRODUCTION):

Nakakita na ba kayo ng manok na pisak ang dalawang mata, langing nababangga, napapasuot sa matitnik na lugar, huhuni-huni na di maunawaan ang gagawin at pupuntahan? Gaya ng tinigpas ang dalawang unahang paa kaya hindi makausad, nagdurugo na ang unahang bahagi ng katawan kapag umuusad dahil sa gasgas; o disin mga ibong lipad nang lipad at hapong-hapo dahil walang madapuan dahil wala nang makitang lupang may mga punong kakanlungan!!! Mga hayop man sila, siguradong ang puso ninyo ay maluloo sa awa.

### KATAWAN (BODY):

Sa pagkakaatong ito nasa harapan ninyo ang halimbawa ng mga nasaktan at nagdurugang halimbawa ng nabanggit kong kawawang mga hayop. Kami pong mga katutubo ay kagaya ng mga hayop na aking nabanggit dahil sa pagkawala ng aming lupa. Ang sariling lupang aming tinubuan ay ngayon biglang naglaho.

Kami ay ginawang bulag, di mamalayan kung saan patutungo at ano ang kinabukasan; para kaming mga putal ang paa. Hilahod, halos gumapang sa hirap ng buhay. Para kaming mga ibon, lagalag, lipad nang lipad, walang madapuan at mahimlayan dahil ang aming lupang ninuno ay kinamkam na at ipinagkait ang aming karapatang mamuhay sa sariling amin. Saan kami pupunta, saan kami susuling?

Kami ay ginawang bulag, di mamalayan kung saan patutungo at ano ang kinabukasan; para kaming mga putal ang paa. Hilahod, halos gumapang sa hirap ng buhay. Para kaming mga ibon, lagalag, lipad nang lipad, walang madapuan at mahimlayan dahil ang aming lupang ninuno ay kinamkam na at ipinagkait ang aming karapatang mamuhay sa sariling amin. Saan kami pupunta, saan kami susuling?

Hindi kami mga hayop bagkus mga tao din kami kagaya ninyo; kapag kayo ay namatay, kagaya rin naming pantay ang paa. Kami po ang nangangalaga ng ating likas na yaman, napakalaki na ng nasalanta sa ating kalikasan. Alam ninyo yan mga scientist at anthropologist na ang nagsasabi na katotohanang iyan. Malaki ang tulong naming sa pagpapapaunlad ng pamayanan. Walang sweldong nagbabantay, nag-aalaga, hindi naglulustay ng mga puno, mga ilog at batis, mga bukal ng sariwang tubig, mga lamang-gubat, mga hayop sa kabundukan, mga halamang gamot, at ang manipis ngunit masustansyang lupang bumabalot bilang balat ng kabundukan.

### KATAPUSAN (CONCLUSION):

Ang panaghoy naming sa inyo ay tulong. Magkapit-bisig tayong lahat upang igalang ang aming karapatan sa lupaing ninuno. Saan pa kami pupunta ngayong pinalayas kami sa sarili naming tahanan? Paano pa mapapangalagaan at ipagtatanggol ang kalikasan?

Alam ng mga scientist at anthropologist na kami ang pinakamaiging mag-alaga ng kabundukan dahil lapat ang ugnayan naming sa kalikasan. Ang kalikasan ay ginawa ng Diyos para sa paggamit at pag-aalaga ng mga tao at hindi lamang ng iilang tao. Huwag sanang dumating ang panahong, sa patuloy na paglulustay ng kalikasan at pagpulawi sa aming mga katutubo, na magising na lang kayo sa gitna ng delubyo, paghihiganti ng kalikasan, pagkalat ng sakit na kagayt pumupukpa ng tao. Ito ay sapagkat walang gamot, walang vaccine na ang dahilan ay ang pagsalanta ng samutsaring buhay.

Gumagalang po kami sa inyo at umaasang pakikitingan ninyo ang aming hinaing at panaghoy na tulong. Kung ang mga hayop ay kinaaawaan, kami pa kayang binulag, tinigpas ang paa at tinanggalan ng madapuan at mahihimlayan? Tao kami, Pilipino kami kagaya ninyo. Hindi kami mga hayop.

Lakip ang panalangin at pag-asa. Nawa ay sa pagtutubong ito ay mabigyan ng katarungan at makuha naming ang aming karapatan bilang namumuhay, nagangalaga at nagtatanggol sa ating kalikasan, ang aming lupaing ninuno ang aming buhay at kinabukasan.

Mabuhay kayo. Mabuhay tayong lahat.

Ang learning material na ito ay inihanda ni Fr. Francis Lucas para sa proyektong “Recognizing the Indigenous Communities behind the Conservation of Nature: A Project Pursuing the Full and Effective Participation of Indigenous Communities in the Implementation of the Expanded National Integrated Protected Areas System.” Isinagawa ang proyektong ito sa pagtutulungan ng ANGOC, Bukluran, at PAFID. Ang proyektong ito ay suportado ng Sudden Opportunity Grant Facility of VOICE, na isang inisyatibo ng Netherlands Ministry of Foreign Affairs na isinakatuparan sa isang consortium sa pagitan ng OXFAM Novib at Hivos.

Ang mga pananaw at opinyon na inihayag sa materyal na ito ay hindi sumasalamin sa pananaw ng VOICE, Netherlands Ministry of Foreign Affairs, OXFAM Novib, at Hivos.

### Citation

Lucas, F. (2020). Pagsasalita sa Publiko. ANGOC, BUKLURAN, PAFID, and VOICE. [Learning material prepared for the project, Strengthening the Role of Indigenous Peoples and Their Communities in Nature Conservation].



The Asian NGO Coalition for Agrarian Reform and Rural Development (ANGOC) a regional association of national and regional networks of civil society organizations (CSOs) in Asia actively engaged in promoting food sovereignty, land rights and agrarian reform, sustainable agriculture, participatory governance, and rural development. ANGOC member networks and partners work in 10 Asian countries together with some 3,000 CSOs and community-based organizations (CBOs). ANGOC actively engages in joint field programs and policy discussions with national governments, intergovernmental organizations (IGOs), and international financial institutions (IFIs).

33 Mapaganguni Street, Silatuna Village, Diliman, Quezon City 1101 Philippines  
Tel: +63-2 8351 0581 | Fax: +63-2 8351 0011 | Email: angoc@angoc.org | Website: www.angoc.org



The formation of Bukluran Para sa Pangangalaga ng Kalikasan ng Pilipinas (BUKLURAN, Inc.) or the Philippine Indigenous Peoples' Community Conserved Territories and Areas Consortium (Philippine ICCA Consortium) is a nationwide network of community membership-based indigenous people's organizations (IPOs) of all ethnographic types. It is premised on bringing together indigenous peoples who assert and utilize traditional governance to protect community-conserved areas. Common to its members is the shared view that indigenous peoples' survival depends on the protection of valuable knowledge systems and the ancestral lands on which we thrive and persist. Our community-conserved areas can become the ultimate driving force in the conservation of biodiversity when our rights to our land and resources are respected and recognized.

Our main purpose is to carry out and realize the full recognition and respect for the rights, governance and self-management of our ancestral lands.

c/o PAFID: 71 Malakas Street, Diliman, Quezon City, Philippines  
Tel: +63-2 89274580 | Fax: +63-2 84355406



Philippine Association for Intercultural Development, Inc. (PAFID) is a social development organization which has been assisting Philippine indigenous communities to secure or recover traditional lands and waters since 1967. It forms institutional partnerships with indigenous communities to secure legal ownership over ancestral domains and to shape government policy over indigenous peoples' issues. PAFID works exclusively with the indigenous peoples' sector, specifically upon written or signed requests for assistance from indigenous communities or their representatives. PAFID envisions indigenous communities as responsible stewards of their resources.

71 Malakas Street, Diliman, Quezon City, Philippines  
Tel: +63-2 89274580 | Fax: +63-2 84355406  
Email: pafid@skybroadband.com.ph, pafid@yahoo.com | Website: www.pafid.org.ph